

## ANG SIKOLOHIYA NG PAGIGING PASAWAY SA PANAHON NG PANDEMYA: PAGTULONG O PAGSUKO?

Ela Mae A. Cena<sup>1</sup>, Jhala Mae Nicole I. Mendoza<sup>1</sup>, Jamaica M. Natividad<sup>1</sup>,  
Marion Daryl Iris M. Ramos<sup>1</sup>, King Brian P. Untalan<sup>1</sup>, Angeline Martha Beroín<sup>1</sup>,  
and Darwin Rungduin<sup>1</sup>

College of Liberal Arts, Colegio de San Juan de Letran-Manila

---

### Abstrak

Ang Pilipinas ay isa sa may pinakamataas na pagsunod sa *safety protocols* na inilatag laban sa COVID-19. Subalit, taliwas ang ipinakikita ng mga balita sapagkat higit na inilalarawan bilang pasaway ang mga Pilipino. Gumamit ng *Explanatory Sequential Mixed Method Design* ang mga mananaliksik upang malaman ang ugnayan ng pagpapahalaga sa mga safety protocols at antas ng pagsunod ng mga Pilipino, at ang mga udyok sa likod ng kanilang paglabag. May kabuuang 385 kalahok sa isinagawang *survey* at 20 kalahok sa *focus group discussion*. Napag-alaman na may *significant weak to moderate relationship* ang pagpapahalaga at pagsunod sa *safety protocols*. May mga udyok sa labas tulad ng mga isyu sa pagtugon ng gobyerno sa pandemya at kontekstong panlipunang nakahahadlang sa pagtugon ng mga Pilipino sa kanilang mga udyok sa loob tulad ng pinansyal at sikolohikal na pangangailangan kung kaya't napipilitan silang sumuway.

Keywords: pasaway, pandemya, safety protocol, udyok sa loob, udyok sa labas

---

Ang Pilipinas ay isa sa mga nangungunang bansa sa Timog Silangang Asya na may pinakamataas na bilang ng kaso ng COVID-19 at mga pagkamatay mula rito (Center for Strategic & International Studies, 2020). Noong ika-30 ng Enero 2020, naitala ang kauna-unahang kaso ng COVID-19 sa Pilipinas (DOH, 2020). Dahil sa mabilis na pagtaas ng kaso sa buong mundo, pormal na idineklara ng WHO bilang isang *global pandemic* ang COVID-19 (WHO, 2020). Samantala, inilabas ang Proklamasyon Bilang 929 (Office of the President of the Philippines, 2020) na isinasailalim ang kalakhang Pilipinas sa State of Calamity sa loob ng isang taon. Alinsunod sa proklamasyon, pansamantalang isinailalim sa *Enhanced Community Quarantine (ECQ)* ang Luzon, at ipinatupad ang iba-ibang direktiba gaya ng pagsusuot ng *face mask* at ipinagbawal ang paglabas sa kani-kanilang tahanan kung walang importanteng gagawin. Ayon sa memorandum mula sa Office of the President of the Philippines (2020), ang paglabag sa mga ito ay may kaukulang parusa na pagkakulong at pagmumulta.



Inilathala nina Bawingan, et al. (2020) na nagdala ng matinding pangamba at takot para sa kalusugan ng mga Pilipino ang pagdating ng COVID-19. Dahil dito, tumaas ang pagsunod sa *safety protocols* na ipinatupad ng Kagawaran ng Kalusugan laban sa *virus* gaya ng paghuhugas ng kamay at pagsusuot ng *face masks*. Ayon naman kay Gastardo-Conaco (2020), may positibong pag-uugali ang mga Pilipino sa mga polisiyang inilatag at payag sila sa pagsailalim sa *community quarantine*. Dagdag pa, inulat ni Jones (2020) na ang Pilipinas ay pumapangalawa sa dalawampu't pitong bansang naging masunurin sa *safety protocols*.

Gayon pa man, taliwas ito sa mga balita patungkol sa pagsunod ng Pilipino sa mga patakarang ipinatupad kung saan nabansagan silang mga pasaway. Makikita ito mula sa mga saloobin ng ilang politiko katulad ng sinabi ni *Presidential Spokesperson* Harry Roque noong ika-16 ng Abril taong 2020 na marami raw pasaway na mga Pilipino kaya raw ang Pilipinas ang may pinakamataas na kaso ng COVID-19 sa ASEAN. Nagbigay rin ng hindi nalalayong opinyon ang ibang politiko tulad ni *Interior Secretary* Eduardo Año, *Senate President* Tito Sotto, at Pangulong Rodrigo Duterte, dahil ayon sa kanila, kulang sa disiplina at pasaway raw ang mga Pilipino kung kaya tumataas ang kaso ng COVID.

Ang pasaway ay nag-ugat sa salitang 'saway' na nangangahulugang 'pagpigil o pagbabawal upang huwag ituloy ang gagawin' (Almario, 2001, p.787). Sa mga dyornal na pananaliksik, ang pasaway ay ang pagiging *undisciplined* o kawalan ng disiplina (Kusaka, 2020; Pante, 2020; Lasco, 2020). Ayon kay Hapal (2021) ang "pasaway" ay minsang ibinabansag sa mga makukulit, matitigas ang ulo, o sa mga taong hindi sumusunod sa mga tuntunin. Sa panahon naman ng pandemya, ang pasaway ay madalas na tumutukoy sa mga taong sumusuway sa *safety protocols* na ipinapatupad ng gobyerno.

Nakikita ang pagiging pasaway ng mga Pilipino sa kanilang kaugalian sa pagsunod sa mga batas trapiko. Ayon kay Mendoza (2006) at Espera Jr. et al. (2015), ang mga Pilipino ay may pag-uugaling tingnan ang ilang mga batas trapiko bilang "impormal na mga alituntunin" at opsyonal lamang ang pagsunod sa mga ito. Dinagdag din ni Mendoza (2006) na sa tingin ng drayber, maliit na bagay lamang ang paglabag sa *road signs* sapagkat madaling lusutan ang mga ito. Samantala, inilahad ni Espera Jr. et al. (2015) na ang kapabayaang, katamaran, at pagkapasaway ng mga Pilipino ang sanhi, sapagkat karamihan ng dahilan sa pagsuway sa batas trapiko ay dahil hindi napapansin ang *road signs* o sadyang hindi ito sinusunod.

Laganap din ang paglabag ng mga Pilipino sa ordinansang *Anti-jaywalking* (Dubouzet, 2011; Cascaro, 2011). Ayon kay Tolentino (2013), bukod sa



kakulangan sa disiplina ng mga Pilipino, mayroon ding kakulangan ang pamahalaan sa pagpapatupad ng mga batas sa lansangan kaya't nare-reinforce ang kawalan ng disiplina ng mga tao. Dahil may kakulangan sa masinsinang pag-aaral bago ipatupad ang mga polisiya, tila nagiging eksperimentasyon ang implementasyon ng mga ito. Bilang dagdag, nagkakaroon ng politika sa pagpapatupad ng mga patakaran gaya ng *Anti-jaywalking Law* sapagkat kahit naglalayon itong protektahan ang mga tao, nag-uugat ito ng labanan sa dominanteng kapangyarihan para sa mga karapatan. Tila mas malakas ang kapangyarihan ng sasakyan kaysa sa tao dahil sa kanilang *horsepower* at dahil sa mga pinansyal na interes at urbanisasyon. Bagaman iba ang usaping ito at hindi ito ukol sa mga patakaran upang puksain ang pandemya, maaaring ilapat ito sa kasalukuyang konteksto ng pinag-aaralan.

Kapansin-pansing mayroong pagmamalabis sa pamamagitan ng *image of war* sa pagtugon sa krisis na kinakaharap ng bansa kung kaya't nailantad sa publiko ang pang-aabuso sa kapangyarihan. Mahigpit na pinupursigi ng ng mga kawani ng pamahalaan ang pagkakaroon ng disiplina sa pagsunod sa kanilang mga direktiba kaya kahit ang *minor violators* ay naapektuhan ng mahihigpit na parusa o *draconian punishments* (Kusaka, 2020). Mula rito, maaaring maipalagay na mayroong *power dynamics* na nakapaloob sa konsepto ng pasaway, kung saan ang isang partido na mayroong mataas na kapangyarihan ang nakakapagdikta kung sino ang pasaway.

Napaigting ng paghihigpit ng polisiya ang “anti-poor bias” dahil ang naging personipikasyon ng salitang pasaway ay ang mahihirap (Pante, 2020). Sapagkat sila ang madalas na lumalabag sa mga direktiba na para dapat sa ikabubuti ng lahat. Maaari itong ipagpalagay sa pananaw ni Rawls sa *civil disobedience* kung saan karamihan ng gawaing pagsuway ay nabibigyan ng moral na katwiran lalo na kung ito ay ginagamit bilang “*last resort*”. Iminungkahi ni Rawls na kung ang mga nakaraang pagkilos ng isang indibidwal ay walang naidulot na pagbabago, makatwiran lamang na maisip nila na ang kanilang karagdagang pagsubok ay wala ring magiging bunga. Sa panahong iyon ay magiging “*last resort*” na nila ang *civil disobedience*.

Sa *social psychology*, maaaring tingnan ang pagiging pasaway bilang “*path of disobedience*” ni Milgram (1965). Ayon dito, ang pagsunod o hindi pagsunod ng isang tao ay naaayon sa kanyang moral na pagpapahalaga. Gayon pa man, maaaring matabunan ng *social expectations* ang mga pagpapahalagang ito. Kahit lehitimo ang pagtingin ng tao sa kapangyarihan ng awtoridad, nauudyok siyang sumunod kahit na labag ito sa kanyang kalooban. Sa mga paglabag sa batas, maaaring mahinuhang hindi nakikitang lehitimo o makabuluhan ng mga taong sumusuway ang idinidikta ng kaukulan kaya hindi nila sinusunod ang mga inilathalang patakaran. Katulad ng obserbasyon ni Kusaka (2020), sumusuway ang mamamayan sa mga paghihigpit na hindi nila nakikitang makatwiran dahil hindi rin nila nakikita bilang masama ang *minor violations* na



kanilang nagagawa. Gayon din naman ang pananaw ng *street-level officials* na umiintindi at nagpapahalaga ng kanilang relasyon sa komunidad.

Ayon kay Kusaka (2020), nakasalalay sa indibidwal na paghuhusga at pananaw ang disiplina ng Pilipino at sumusunod sila sa mga patakaran na tingin nila ay makabuluhan. Dahil dito, nilalayan ng kasalukuyang pag-aaral na:

1. Tukuyin ang mga gawi at pag-uugali ng mga taong pasaway sa kontekstong Pilipino sa panahon ng pandemya;
2. Alamin ang ugnayan sa pagitan ng pagpapahalaga ng mga Pilipino sa *safety protocols* at antas ng kanilang pagsunod sa mga ito;
3. Tukuyin ang mga udyok o dahilan kung bakit sumusuway ang mga Pilipino: kung ito ba ay naglalarawan ng pagtulong o pagsuko.

## Metodo

### *Disenyo*

Gumamit ng *Explanatory Sequential Mixed Method design* upang suriin ang mga protokol na madalas sinusuwag ng mga kalahok sa kwantitatibong pag-aaral, at upang malaman ang mga dahilan sa likod ng pagsuwag sa pamamagitan ng isang *focus group discussion (FGD)* sa kwalitatibong pag-aaral.

### *Unang Pag-aaral - Kwantitatibo*

Nagsagawa ng *survey* ang mga mananaliksik upang tukuyin ang mga kaugalian o gawi ng mga taong pasaway, antas ng pagpapahalaga ng mga kalahok sa *pandemic safety protocols*, at antas ng kanilang pagsunod sa mga nasabing patakaran.

### *Kalahok*

Ang mga kalahok ay nagmula sa National Capital Region: Capital, Eastern, Northern, at Southern Manila District. Ito ang napiling rehiyon dahil ito ang may pinakamataas na kaso ng COVID-19 (231,038) sa buwan ng Pebrero sa kasalukuyan (DOH, 2021). 18-taong gulang pataas ang mga inimbata upang lumahok sapagkat sila ang pinapayagang lumabas ng bahay at may kapasidad na umintindi ng polisiya kumpara sa mga mas nakababata. Tinuos ang proporsyon ng mga kalahok mula sa apat na distrito (Talahanayan 1).

### *Iskala*

Ang unang bahagi ng talatanungan ay ang *demographic profile questionnaire*. Kasunod nito ay ang *expert-validated questionnaire* na binuo ng mga mananaliksik. Ang unang bahagi ay naglalaman ng *5-point Likert scale* na may



27 na aytem na tumutukoy sa gawi at ugaling pasaway kung saan minarkahan ng mga kalahok ang antas ng kanilang pagsang-ayon (1= Lubos na ‘di sumasang-ayon; 5= Lubos na sumasang-ayon). Naglalaman ito ng aytem tulad ng “Pag-ulit ng isang gawain kahit na pinagsabihan na ng awtoridad (magulang, barangay tanod, atbp) na huwag itong gagawin”.

Ang ikalawang bahagi ng talatanungan ay 5-point Likert scale na may 12 na aytem na sumusukat kung gaano kakritikal sa pananaw ng mga kalahok ang iba-ibang *safety protocols* na ipinatutupad laban sa pandemya (1= Hindi Kritikal; 5= Sobrang Kritikal). May aytem ito tulad ng “Pagsusuot ng face shield.”

Ang ikatlong bahagi ng talatanungan ay 5-point Likert scale na may 12 na aytem na sumusukat sa dalas ng pag-observa ng *safety protocols* ng mga kalahok (1=Hindi kailanman; Pinakamadalas=5). May pahayag ito tulad ng “Pagsunod sa *physical distancing*.”

### **Talahanayan 1.**

Demographic Characteristics ng mga Kalahok

<b>Demographic Profile</b>	<b>Frequency</b>	<b>Percent</b>
<b><u>District</u></b>		
Eastern Manila	139	36%
Southern Manila	109	28%
Northern Manila	84	22%
Capital	53	14%
<b><u>Kasarian</u></b>		
Babae	273	71%
Lalaki	100	26%
wala sa nabanggit	12	3%
<b><u>Edad</u></b>		
18-24	270	70%
25-34	69	18%
35-44	23	6%
45-pataas	23	6%
<b><u>Household monthly income</u></b>		
Php 20,000 pababa	147	38%
Php 20,000 - 39,999	89	23%
Php 40,000 - 59,999	54	14%
Php 60,000 - pataas	95	24%

Note: N=385

### *Pamamaraan*

Bumuo ang mga mananaliksik ng tatlong 5-point Likert type na talatanungan para sa kwantitatibong pag-aaral. Pinasagot ito sa pamamagitan ng *online*



*survey* kung saan pinost ang *link* ng *survey* sa iba't ibang *social media platforms*. Unang nabasa ng nais makilahok ang *informed consent*. Dito inilahad ang saklaw at limitasyon ng pag-aaral. Pagkatapos nito, pormal na hiningi ang kanilang pahintulot upang makilahok sa pagsagot ng *survey*. Upang mapasigla ang pakikilahok ay nagkaroon ng ₱500 *raffle* bilang *monetary incentive*. Nagkaroon ng *draw lots* upang matukoy ang isang kalahok na makakukuha ng nasabing *incentive*. Pagkatapos ng data analysis sa kwantitatibong datos, doon pa lamang lumikha ng mga katanungan para sa FGD sa kwalitatibong pag-aaral. *Pagsusuri ng datos*

Isinagawa ang *descriptive statistics analysis* upang makabuo ng kwantitatibong paglalarawan kung ano ang mga kilos, gawi, o kaugalian ng mga taong pasaway ayon sa mga sagot ng mga kalahok sa *survey*. Isinailalim sa *correlation analysis* ang mga sagot ng mga kalahok tungkol sa kanilang antas ng pagpapahalaga at pagsunod sa *safety protocols*.

### *Etikal na Konsiderasyon*

Naglagay ng *informed consent form* sa simula ng *survey* upang malinaw ang layunin, benepisyong at panganib ng pakikilahok, at ang karapatan ng mga ito. Itinakda ang halagang P500 *monetary incentive* upang maiwasan ang *undue inducement* o maaaring pagsasamantala sa kalahok. Iningatan din ang personal na impormasyon at datos na nakalap sa pamamagitan ng pagsiguro na ang mga mananaliksik lamang ang may *access* sa dokumento. Ang mga datos na nakuha ay permanenteng binura at ginamit lamang alinsunod sa layunin ng pananaliksik.

Upang masiguro na ang mga aytem ng iskalang ginamit ay angkop at hindi *bias*, nagsagawa ng *content validation* sa tulong ng tatlong ekspertong may kaalaman tungkol sa nais sukatin ng instrumento. Siniguro rin ng mga mananaliksik na ang metodo sa pag-aaral ay batay sa *Research Code of Ethics ng Philippine Association of Psychologists (PAP)* upang matugunan ang mga isyung etikal na posibleng maging bunga ng pananaliksik.

### **Resulta**

Ayon sa datos, *neutral* ang pagtingin ng mga kalahok sa mga ugali at gawi ng mga taong pasaway. Ipinapahiwatig na sa pangkahalatan, walang kinikilingan kung ang mga pahayag ay naglalarawan ng isang “pasaway” sa pahanon ng pandemya. Makikita sa Talahanayan 2 ang mga aytem na may pinakamataas at pinakamababang *mean*.

Mapapansing mataas ang pagpapahalaga ng mga kalahok sa *safety protocols* na ipinatutupad ngayon sa panahon ng pandemya. Ang *mean* ay may range mula  $\bar{x} = 3.65-4.64$  na nasa ilalim ng categoryang “napaka-kritikal” hanggang “sobrang kritikal” na pagtingin sa mga panuntunan laban sa pandemya.



**Talahanayan 2.**

Gawi at Ugali ng mga Taong Pasaway na may Mataas at Mababang Mean

Aytem	Mean	SD
<b><i>May mataas na Mean</i></b>		
1. Pag-ulit ng isang gawain kahit na pinagsabihan na ng awtoridad (magulang, barangay tanod, atbp) na huwag itong gagawin	3.31	1.61
2. Paglabag sa mga patakaran ng isang institusyon o establisyemento (hal. Malls, restaurant, atbp.)	3.21	1.71
12. Pagpunta sa ibang lugar para magbakasyon sa kalagitnaan ng pandemya	3.19	1.65
<b><i>May Mababang Mean</i></b>		
26. Pagpasada ng mga pambublikong sasakyan sa gitna ng pandemya kahit hindi pa pinahihintulutan ng gobyerno	2.62	1.43
13. Paglabas ng mga taong nasa edad 65 pataas	2.79	1.57
17. Pagtitipon sa isang lugar para sa isang aktibidad (hal. Pagprotesta, pagsisimba) habang naka-face shield, <i>face mask</i> , at <i>physical distancing</i>	2.82	1.59

**Talahanayan 3.**

Safety Protocols na binibigyan ng mataas at mababang pagpapahalaga

Aytem	Mean	SD
<b><i>May Mataas na Pagpapahalaga</i></b>		
3. Pagsuot ng <i>face mask</i>	4.64	1.06
5. Madalasang paghuhugas ng kamay	4.59	1.05
9. Pagsasagawa ng <i>self-isolation</i> kapag nakakaranas ng sintomas ng flu/trangkaso	4.58	1.05
8. Pagsunod sa mga <i>respiratory etiquette</i> (hal. Pagtakip ng ilong at bibig kapag bumabahing)	4.58	1.05
<b><i>May Mababang Pagpapahalaga</i></b>		
1. Pagsuot ng <i>face shield</i>	3.65	1.50
12. Pagsunod sa <i>curfew</i>	3.90	1.43

Makikita sa datos na pumapalo sa “napakadalas ng pagsunod” ang *mean range* ( $\bar{x}$ =4.30-4.91) sa mga aytem na tumutukoy sa antas ng pagsunod sa *safety protocols*.



*Statistically significant* ang lahat ng *correlations* ng antas ng pagpapahalaga at pagsunod sa *safety protocols* na ipinatutupad sa panahon ng pandemya ( $p < .001$ ). Habang tumataas ang pagtingin ng kalahok sa kahalagahan ng mga panuntunan ay mas sinusunod rin nila ang mga ito. Marahil ay naniniwala sila na ang pagsunod sa mga ito ay makatutulong upang mas epektibong puksain ang COVID-19 *virus* sa bansa. Gayon pa man, ang *range* ng mga *correlation coefficients* ( $r = .317-.462$ ) ay nagpapakita ng *weak to moderate relationship* ng dalawang *variables*.

#### **Talahanayan 4.**

##### **Mga Safety Protocol na may mataas at mababang antas ng pagsunod**

Aytem	Mean	SD
<b><u>May mataas na antas ng pagsunod</u></b>		
3. Pagsuot ng <i>face mask</i>	4.91	.48
8. Pagsunod sa mga <i>respiratory etiquette</i> (hal. Pagtakip ng ilong at bibig kapag bumabahing)	4.83	.61
12. Pagsunod sa <i>curfew</i>	4.72	.73
<b><u>May mababang antas ng pagsunod</u></b>		
6. Hindi pagsama sa mga <i>mass gathering</i>	4.30	1.08
7. Paglabas ng bahay para lamang sa mga pangunahing pangangailangan	4.42	.92
1. Pagsuot ng <i>face shield</i>	4.46	.91

#### *Pangalawang Pag-aaral – Kwalitatibo*

Nagsagawa ng FGD na may gabay-talatanungang nakaangkla sa pag-alam kung ano ang nag-uudyok sa hindi pagsunod ng iilang Pilipino sa mga patakarang ipinatutupad laban sa pandemya.

#### *Kalahok*

Gumamit ng *convenience sampling* upang mag-recruit ng mga kalahok mula sa unang pag-aaral para sa isinagawang FGD sapagkat limitado lamang ang panahon upang maisagawa ang buong pananaliksik. Nagsagawa ng apat na sesyon ng FGD na binuo ng 20 kalahok; ang bawat sesyon ay binuo ng apat hanggang anim na kalahok.

#### *Pamamaraan*

Nagsagawa ng apat na sesyon ng FGD ang mga mananaliksik upang makakalap ng malawak at iba't ibang pananaw kung bakit lumalabag ang mga Pilipino sa mga patakarang ipinatutupad laban sa pandemyang COVID-19. Bumuo ng sistematikong daloy ng programa upang mapaghandaan ang mga maaaring mangyari sa oras ng diskusyon, kasama dito ang pagbuo ng mga alituntuning gagabay sa FGD, at ang mga napiling tagapagdaloy o *facilitator*, *assistant facilitator*, at *process observer* sa bawat sesyon.





Kumalap ng 20 kalahok mula sa mga nakilahok sa unang pag-aaral. Inimbitahan ang mga kalahok sa pamamagitan ng email, SMS, at *Messenger* ayon sa kanilang itinalagang oras. Bago nagsimula, binigyan ng *informed consent form* ang mga kalahok na kanilang pinirmahan bilang tanda ng pahintulot ng kanilang pakikilahok sa pag-aaral.

Sa oras ng FGD, nagkaroon ng oryentasyon para sa mga kahalok kung saan inilahad nang pasalita ang *informed consent*. Pagkatapos, pormal na hiningi ang pahintulot sa mga kalahok upang i-record ang talakayan nang maidokumento ang kanilang mga punto. Pinaalalahan din ang mga kalahok sa kanilang karapatan sa pagbawi ng kanilang partisipasyon sa FGD sapagkat boluntaryo ang aktibidad na naganap. Pagkatapos nito ay sinimulan nang pangasiwaan ng tagapagdaloy ang FGD ayon sa inihandang gabay-talatanungan. Pagkatapos ng diskusyon, nagkaroon ng *debriefing* at muling hiningan ng pahintulot ang mga kalahok kung pumapayag sila na isama ang kanilang datos sa pag-aaral.

### *Pagsusuri ng datos*

Nagsagawa ng *thematic analysis* upang makabuo ng mga tema mula sa mga kasagutan ng mga kalahok sa FGD ukol sa mga kadahilanan kung bakit sumusuway ang mga Pilipino. Ang mga recordings ng FGD ay ginawan ng transkrip. Mula rito, nagpatuloy ang mga mananaliksik sa proseso ng *coding* o *pag-highlight* ng mga seksyon ng teksto tulad ng mga karaniwang parirala o pangungusap, at pagbuo ng mga maikling label o "*code*" upang ilarawan ang kanilang nilalaman. Matapos madaanan ang buong teksto, pinagsama-sama ang lahat ng *codes*. Sa tulong ng mga *codes* na ito, nakabuo ng mga tema ang mga mananaliksik ayon sa nakalap mula sa FGD.

### *Etikal na Konsiderasyon*

Binigyang-pansin ang *online data privacy* at ipinadala ang *Google Meet link* sa *email* lamang ng mga kalahok upang matiyak na ang mga kalahok at mananaliksik lamang ang nakapasok sa *Google Meet room* sa iskedyul ng FGD.

Bago magsimula ang kwalitatibong pagkalap ng datos, nagbigay ng pasulat at pasalitang *informed consent* ang mga mananaliksik sa bawat kalahok. Bukod dito, isinagawa ang oryentasyon sa bawat sesyon upang linawin ang saklaw at limitasyon ng pag-aaral. Pormal na humingi ng pahintulot ang mga mananaliksik sa kanilang pakikilahok at sa pag-record ng sesyon ng FGD. Ipinaalala din sa mga kalahok ang kanilang responsibilidad at karapatan sa pagsali sa pag-aaral. Kaugnay nito, sinigurado ng mga mananaliksik ang pagpapanatili ng *anonymity* ng mga kalahok sa pamamagitan ng pag-iwas sa pagkabit ng mga pangalan ng mga ito kaugnay ng kanilang mga komento.

Upang masiguro na konpidensyal at pribado ang nakalap na datos, isinave ng mga mananaliksik bilang *encrypted files* sa isang kompyuter ang mga *recordings*




at tala upang ang mga mananaliksik lamang ang magka-access. Nang matapos ang pag-aaral, binura ang mga nakalap na datos upang protektahan ang pagkakakilanlan ng mga kalahok.

## Resulta

### **Figura 1**

*Tematikong Mapa ng mga dahilan kung bakit sumusuway ang mga Pilipino*



Nilayon ng ikalawang pag-aaral na matukoy kung ano ang mga nag-uudyok sa mga Pilipino na sumuway sa *safety protocols* sa kalagitnaan ng pandemyang COVID-19. Ayon sa mga tugon ng mga kalahok mula sa FGD, nabuo ang dalawang pangunahing tema (tingnan ang Figura 1).

#### *Pangunahing Tema A: Udyok mula sa Labas*

Tumutukoy ito sa mga salik na hindi kontrolado ng mga ordinaryong Pilipino. Nakapaloob dito ang mga pananaw ng mga ordinaryong tao sa kung paano binigyang-tugon ng gobyerno ang paglaban sa COVID-19. Bilang resulta, nagkakaroon ng paningin ang mga mamamayang wala silang ibang magagawa kung hindi ang sumuway.

#### *Mga isyu sa Pagtugon ng Gobyerno sa Pandemya*

Tumutukoy ang temang ito sa mga pananaw ng mga kalahok sa pagtugon ng gobyerno sa COVID-19. Kabilang dito ang pagpapalano, pagtugon, at paraan ng pagpapatupad ng *safety protocols*, at kung paano nito itinutulak ang mga Pilipinong sumuway.

Batay sa mga nakalap na resulta, mayroong pagkukulang ang gobyerno pagdating sa pagpapalano at paghahatid ng mga impormasyon tungkol sa pandemya sa iba't ibang panig ng bansa. Dahil dito, hindi sapat ang kaalaman at nagkakaroon ng mababang pag-intindi ang mga Pilipino tungkol sa krisis na



hinaharap, na nagiging dahilan ng iilang pagsuway sa *safety protocols*.

*“Kaya sumusuway sila [mga tinatawag na pasaway] kasi yung lack of information or knowledge about ano ba talaga ang meron sa pandemic situation, bakit tayo nasa pandemic situation, bakit kailangan natin sumunod sa mga protocols, bakit kailangan sumuot ng ganito ganyan.” (Micar, 21)*

Ayon sa mga tugon, isa sa mga dahilan kung bakit sumusuway ang mga Pilipino ay dahil pinaniniwalaan ng ilan na hindi ito mabisa at epektibo sa paglaban sa krisis na hinaharap.

*“Sa tingin ko kaya may mga sumusuway sa mga protocols ngayong pandemic dahil they see other protocols as illogical and unreasonable. Pangalawa naman, because they have the reason or they are using the cases of this politician who are not following the protocols as their own justification why they are not following the said protocols (CC,21).*

Dagdag pa, napag-alamang mayroong pagkukulang ang gobyerno sa pagtugon ng pangangailangan ng mamamayang Pilipino. Kung kaya’t may iilang pumipiling sumuway sa mga polisiyang inilatag upang mapunan ang mga pangangailangan na ito.

*“We can only impose lockdowns if the government can provide the food for the families inside that house... wala silang dahilan para lumabas... kung may sapat na ayuda, kung may sapat na pagkain.” (Chael, 33).*

### *Kontekstong Panlipunan*

Inilalarawan nito ang kakulangan sa kaangkupan ng mga *safety protocols* ayon sa iba't ibang sitwasyon at katayuan sa buhay ng mga Pilipino. Saklaw ng temang ito ang pagiging hindi *inclusive* ng mga aksyong ipinatupad ng gobyerno laban sa COVID-19 at ang hindi maiiwasang pagsuway na nagagawa ng iilan dahil hindi abot-kamay para sa kanila ang ibang mga alternatibo.

Para sa ilang kalahok, hindi *inclusive* ang *safety protocols* na ipinatutupad kung kaya’t hindi rin ito nagiging *applicable* sa iba’t ibang sitwasyong kinakaharap ng mga Pilipino mula sa iba’t ibang katayuan sa buhay. Dahil dito, nagigipit ang mga ordinaryong Pilipino at nagkakaroon sila ng pananaw na wala silang ibang magagawa kung hindi ang sumuway.

*“Parang hindi kasi siya socially adjusted [safety protocols]. Kumbaga, standard lang siya eh, ‘yun yung response mo [ng gobyerno]. Hindi siya in-alter based sa sitwasyon mo [ng mga ordinaryong Pilipino]. Basically ang bottomline ko is parang they just used the standard response without doing any, without doing further research to make it applicable sa current situation ng society.”(Miah, 24).*



Nalaman ding bukod sa hindi *inclusive* ang iilang aksyon ng gobyerno, hindi rin *accessible* o abot-kaya para sa mga ordinaryong Pilipino ang mga alternatibong makatutulong upang manatili lamang sila sa loob ng kanilang mga tahanan.

“...yung food mo kaya mong ipa-deliver. Sa mga normal na community, magsisiksikan kayo sa palengke kasi wala naman kayong pang-Foodpanda, pang-Grab Food, ‘yun yung means nyo para kumain. So yung question na kaya bang hindi sumuway, it depends kung sino yung tao, kung ano yung privilege or current situation nung tao.” (Miah, 24).”

#### *Pangunahing Tema B: Udyok sa Loob*

Tumutukoy ito sa personal na salik na unag-udyok sa mga Pilipino na sumuway sa mga itinakdang *safety protocols* laban sa pandemya. Tinatalakay din nito ang kagustuhan ng indibidwal na ingatan ang pansariling kapakanan sa kalagitnaan ng pandemya upang mabigyang-tugon ang sikolohikal at pangunahing pangangailangan.

#### *Pagtugon sa pangunahing pangangailangan*

Ito ay naglalarawan sa kagustuhan ng mga Pilipinong mapunan ang iba't ibang pangunahing pangangailangan tulad ng mapagkukunan ng kita, pagkain, pangangailangang pangkalusugan, at iba pang pangangailangang nagiging dahilan ng pagsuway sa ipinapatupad na *safety protocols*. Isa sa mga pangunahing problema ng mga Pilipino ay ang kanilang mga pagkakakitaan upang matustusan ang kanilang mga pangangailangan. Marami ang nawalan ng trabaho at karamihan dito ay ang mga Pilipinong maituturing na nasa *middle* at *lower class* ng lipunan.

“Yung mga naghahanapbuhay, hindi nila gusto lumabas sana kasi delikado eh pero kailangan nila lumabas dahil yun yung source of income nila. Kailangan nilang kumayod para mabuhay sila, para malampasan ‘yung pandemyang kinakaharap.” (Haz, 25).

“Minsan tinatakasan namin yung nagbabantay ng curfew kasi kailangan na talagang uminom ng gamot ng nanay ko.” (Nana, 20)

#### *Pagtugon sa sikolohikal na pangangailangan*

Ang isang udyok sa loob na nagtutulak sa Pilipinong sumuway ay ang kagustuhang ingatan ang pansariling kapakanan sa kalagitnaan ng pandemya sapagkat marami na ang naiinip at nabuburyo dahil sa patuloy na pagpapatupad ng *lockdown*.



*“There’s a deep reason behind that defiance because sabi nga nila [other people] they’re already fed up, it’s been a year since we have been in lockdown and it has been a repetitive process as if there is no solution.” (CC, 21)*

Dagdag pa rito ang kagustuhang ng iilang mabuhay sa normal na nakasanayan katulad ng sinabi ng isang kalahok:

*“Dahil may mga tao na namimiss na nila yung dati nilang buhay. Yung nakakalabas sila and they’re free to do whatever they want.” (Conti, 21)*

Higit pa rito, mayroon ding ibang nangangailangan ng pangangalaga sa *mental health* kung saan nagiging paraan para makapag-cope sa mga stress na natatamasa sa buhay ang paglabas para *physical interaction* sapagkat ayon sa kalahok:

*“Umabot na ng 1 year and ongoing pa rin. Siguro nakaka-affect pa rin ‘yun sa mental health ng mga tao, especially sa mga extrovert type of people. Siguro kailangan talaga nila ng social interaction kaya sila lumalabas and meet with others. Okay sana kung maiksi lang ‘yung lockdown natin at hindi tumagal ng isang taon.... Mahirap pagsabihan na yung tao na nahihirapan na isolated sa bahay at mag-isa lang or walang interaction.” (Eli, 21)*

### **Pangkalahatang Diskusyon**

Sa unang pag-aaral, natukoy na *neutral* lamang para sa karamihan ang gawi at ugaling pasaway na inilatag. Sa FGD, nalinaw na hindi agad matatawag na pasaway ang tao kung may katanggap-tanggap na dahilan ang pagsuway. Nakita ding mayroong *significant weak to moderate positive relationship* ang antas ng pagpapahalaga at pagsunod sa *safety protocols*. Ayon kay Ignacio et al. (2020), ang pagkakaroon ng mas mataas na pag-unawa sa panganib na dala ng COVID-19 ay may katumbas na mas mataas na pagpapahalaga sa pagsunod sa *behavioral preventative measures*.

Dahil sa paghihigpit ng gobyerno, nagkaroon ng mabigat na pangangailangan upang solusyonan ang iba’t ibang priyoridad ng mamamayan gaya ng *job security, food resource, at health care resource*. Maaaring nagkaroon ng mas mataas na antas ng pagpapahalaga sa ibang prioridad kumpara sa pagsunod sa *safety protocols*. Hindi ito nalalayo sa nakalap ng pag-aaral, sapagkat para sa mga kalahok, may mga pagkakataon pa ring hindi maiwasang sumuway sa mga itinakdang patakaran dahil sa ilang mga dahilang saklaw ng mga temang nakalap mula sa pag-aaral.

Nahahati sa dalawang tema ang dahilan ng pagsuway: udyok sa labas; at udyok sa loob. Ang udyok sa labas ay tumutukoy sa mga salik na hindi kontrolado ng mga ordinaryong Pilipino. Napapaloob dito ang mga isyu sa pagtugon ng gobyerno sa krisis na kasalukuyang kinakaharap at kontekstong panlipunang



kinabibilangan ng mamamayan. Sa kabilang dako, ang mga udyok sa loob ay mga personal na salik na tumutulak sa mga Pilipino upang sumuway. Kabilang dito ang mga pagtugon sa pangunahing pangangailangan at ang sikolohikal na pangangailangan.

Napapaigting ng udyok sa labas ang udyok sa loob ng mga Pilipinong sumuway. Halimbawa, marami ang nakaranas ng *financial struggle* sa kalagitnaan ng pandemya. Ayon sa PSA (2020), may humigit kumulang 7.3 milyong Pilipino ang nawalan ng trabaho. Dahil sa kagustuhang makapagtaguyod ng mga pangangailangan sa kalagitnaan ng pandemya, marami ang naiipit kung susunod sa *protocols* o hahanap ng paraan upang makapamuhay. Nakaranas din ng inip ang iilan sa kahihintay na muling makamit ang “*old normal*” na inaasam. Ang *mental health* ng mga *senior citizen* ay naapektuhan ng *cabin fever* at pagkainip dahil sa patuloy na pagpapatupad ng *strict lockdown*. Higit pa rito, may mga dinamiko ng pamilya sa Pilipinas kung saan ang mga *senior citizen* ang nagsisilbing tagasalo o tagapangalaga ng pamilya kaya sila napipilitang sumuway para bumili ng *necessities*.

Mula rito, naipakikita bilang *subjective* ang pagiging pasaway sapagkat kinakailangan ng pagsasaalang-alang ng “paano”, “kailan”, at “sino” ang maituturing na pagsuway ayon sa kanilang dahilan. Gayon pa man, madiin pa rin ang pagkakaugnay ng pasaway sa mga ordinaryo o mahihirap na Pilipino. Ang estratehiya ng pagbibigay ng ayuda at tulong ng gobyerno ay hindi gaanong malawak upang matugunan ang iba't ibang pangangailangan ng mamamayan (gaya ng mga *human wellness dimensions*), lalo sa mahihirap na komunidad (Tanucan & Bojos, 2020). Katulad ng pag-aaral ni Pante (2020), may presensya ng *anti-poor bias* sa *safety protocols* na ipinatutupad dahil maraming Pilipino ang hindi kayang sumunod sa *strict implementation* dahil sa kakulangan sa kakayahang pinansyal kaya't napipilitang sumuway. Marahil nagsisilbing balakid ang pagpapatupad ng iilang *safety protocols* upang matugunan nila ang kanilang pangangailangan.

Katulad ng pag-aaral ni Kusaka (2020), napag-alamang nagkakaroon ng pagsuway sa mga *protocol* kung hindi ito nakikitang makatwiran sapagkat mayroong ilang mga *protocol* o *mandate* na nagiging sagabal sa pangkabuhayan ng ilang Pilipino. Ang isang halimbawa nito ay ang pagpasada ng mga pampublikong sasakyan sa gitna ng pandemya kahit hindi pa pinahihintulutan ng gobyerno. Ayon sa mga kalahok, ang pagpasada ng mga *jeep* ay isang *necessity* dahil ang mga *jeep* ang pangunahing transportasyon ng karamihan. Ang paghinto ng pagpasada ay nagdulot ng kawalan ng trabaho sa karamihan ng *jeepney drivers* at dahil dito, mas nagkaroon ng pangangailangang kumayod ang ordinaryong mamamayan sa iba't ibang pamamaraan kahit na maaari itong magresulta sa pagsuway sa iilang *safety protocol*.

Mababa ang pagpapahalaga ng mga kalahok sa pagsunod sa *curfew*. Ayon sa kanila, hindi *inclusive* ang ibang *safety protocols* tulad ng *curfew* sapagkat



angkop lamang ang mga ito sa mga taong nakakaangat sa buhay. Hindi na nila kinakailangang makipagsiksikan sa pampublikong sasakyan para lamang makauwi nang maaga at hindi maabutan ng *curfew* sapagkat may pribilehiyo silang gumamit ng sarili nilang sasakyan. Bilang dagdag, may kakulangan din sa pagbibigay ng mga *government aid* o ayuda kaya hindi rin nila itinuturing na gawaing “pasaway” ang paglabag sa *safety protocols* kung ang dahilan ay para mapunan ang mga pangunahing pangangailangan gaya ng pagkain at pangangailangang pangkalusugan.

Pabor sa mga may kapangyarihan o may sapat na mapagkukuhanan ang pagsunod sa *safety protocols* ngayong pandemya. Abot-kamay para sa mga taong may pribilehiyo ang paggamit ng mga alternatibong makatutulong upang manatili sila sa kani-kanilang mga tahanan. Itinataguyod nito ang mungkahi ni Tolentino (2013) na may pulitika sa pagpapatupad ng mga patakaran na kahit naglalayon ang mga itong protektahan ang mga tao, humahantong ito sa labanan sa pagitan ng dominante at mababang kapangyarihan. Bilang resulta, nagigipit ang mga ordinaryong Pilipino at natutulak silang sumuway upang mabuhay sa pang-araw-araw.

Bagamat may mataas na pagpapahalaga sa pagsusuot ng *face masks*, hindi gaanong pinahahalagahan ang pagsusuot ng *face shields*. Hindi nila nakikitang importante o epektibo laban sa COVID-19 ang pagsusuot ng *face shield* at madalas nagiging sagabal lamang ito para sa kanila. Sinusuportahan ito ng literatura ni Espera Jr. et al. (2015), na may ugali ang mga Pilipinong tingnan ang ilang mga patakaran bilang "impormal na mga alituntunin" kung kaya't nagkakaroon sila ng paniniwalang opsyonal lamang ang pagsunod sa mga ito. Sumusuway ang iba kapag hindi nila nakikitang lehitimo o makabuluhan ang idinidikta ng awtoridad (Milgram, 1965). Maaaring hindi nakikita ng iilang mamamayang Pilipino ang pagkalehitimo ng *safety protocols* sapagkat napapansin nilang may iilang awtoridad na siyang tagapamahala ang mismong sumusuway dito.

Mapapansing marami na ang sumusuko sa tinagal ng panahon ng pagpapatuloy ng pandemya, subalit makikita pa rin ang kagustuhang tumulong ng mga Pilipino sa mga hindi ibang tao sa kanila. Nailalarawan din nito ang pakikipagkapwa ng mga Pilipino sapagkat nagpaigting ng kasalukuyang pandemya ang pagpapahalagang “pakikiramdam” ng mga kalahok. Sa pagsasaalang-alang ng iba-ibang sitwasyong kinakaharap ng mga Pilipino, maituturing na *subjective* ang pagiging pasaway. Makikita din sa gawi ng mga Pilipino sa kalagitnaan ng pandemya ang pagkakaroon ng palabang pagpapahalagang “Bahala na”, bilang huling baraha. Sapagkat inilalarawan nito ang lakas ng loob ng mga sumusuway matapos mapagtantong wala na silang ibang magagawa kung hindi magsakripisyo para matugunan ang kanilang mga pangangailangan.



## Sanggunian

- Almario, V. S. (2001). *UP diksiyonaryong Filipino*. Sentro ng Wikang Filipino, Sistemang Unibersidad ng Pilipinas.
- Bawingan, P., Ancheta, K. S., Laranang, K. M., Denise, R., Alcantara, J. Q., & Balain, A. O. (2020). Reactions, Behavioral Practices and Coping Mechanisms of Filipinos in Luzon, Philippines during the Lockdown Due to Covid-19.
- Cascaro, Lorie Ann. (2011). *Decriminalizing Jaywalking: To be, or not to be?*. Edge Davao. <http://www.edgedavao.net/images/Edge-V3/edge48.pdf>
- Center for Strategic & International Studies (2020). Southeast Asia Covid-19 tracker. <https://www.csis.org/programs/southeast-asia-program/southeast-asia-covid-19-tracker-0>
- Dubouzet, Joseph. (2011, February 12). Jaywalking... What law? Sun Star Davao. <http://www.sunstar.com.ph/davao/opinion/jaywalking-what-law>
- Department of Health (2020). DOH confirms first 2019-NCOV case in the country; assures public of intensified containment measures. <https://doh.gov.ph/doh-press-release/doh-confirms-first-2019-nCoV-case-in-the-country>
- Department of Health (2021). COVID-19 Philippines. Tracking SARS-CoV-2 cases in the Philippines. <https://covid19stats.ph/>
- Department of Health (2021). COVID-19 Tracker (NCR). <https://doh.gov.ph/covid19tracker>
- Espera Jr., D., Fejer, E. F., Lozada, C. G. A., & Minay, M. J. M. (2015). *An Analysis of Signage Along Major Roads in Metro Manila*. Published Bachelor's Thesis. Rizal Technological University.
- Gastardo-Conaco, M. C. (2020). Feelings, Cognitions, Behaviours of Filipinos During the COVID-19 Pandemic. Department of Science and Technology-National Research Council of the Philippines (DOST-NRCP) first webinar on *Kapakanan ng Tao sa Oras ng Pandemya*. (KTOP-COVID), via Zoom, June 23, 2020.
- Hapal, K. (2021). The Philippines' COVID-19 Response: Securitising the Pandemic and Disciplining the Pasaway. *Journal of Current Southeast Asian Affairs*, 1868103421994261.
- Ignacio, L. B. R., Arcinas, M. M., Eusebio, M. C., Cruz, J. M. D., Dagalea, A. B., Aifianus, M., ... & Doron, R. O. (2020). Correlates of Perception of COVID-





- 19 health risk among Filipino youth in a private university in Manila, Philippines. *Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research*, 8(4).
- Jones, S. P. (2020). Imperial College London Big Data Analytical Unit and YouGov Plc. 2020. *Imperial College London YouGov Covid Data Hub, v1. 0, YouGov Plc.*
- Kusaka, W. (2020). Duterte's Disciplinary Quarantine How a Moral Dichotomy was Constructed and Undermined. *Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints*, 68(3), 423-442.
- Mendoza, A. C. (2006). *Applications of Psychology to the understanding and modification of road user behavior*. University of the Philippines National Center for Transportation Studies.
- Milgram, S. (1965). Some conditions of obedience and disobedience to authority. *Human relations*, 18(1), 57-76.
- Office of the President of the Philippines. (2020, March 16). Proclamation No. 929 s. 2020. Declaring a state of calamity throughout the Philippines due to coronavirus disease 2019. <https://www.officialgazette.gov.ph/2020/03/16/proclamation-no-929-s-2020/>
- Office of the President of the Philippines. (2020, March 16). Memorandum from the Executive Secretary on Community Quarantine over the Entire Luzon and Further Guidelines for the Management of the Coronavirus Disease 2019. <https://www.officialgazette.gov.ph/2020/03/16/memorandum-from-the-executive-secretary-on-community-quarantine-over-the-entire-luzon-and-further-guidelines-for-the-management-of-the-coronavirus-disease-2019-covid-19-situation/>
- Pante, M. D. (2020). The penalty of mobility in Manila during periods of public health crises. *Philippine Studies: Historical and Ethnographic Viewpoints*, 68(3), 477-492.
- Philippine Statistics Office, (2015). *Philippine Census of Population, NCR - 2015*.
- Tanucan, J. C. M., & Bojos, M. T. (2021). Filipino Families in Slum Communities and their Tales of Survival in Times of Pandemic: An Exploration of Wellness Dimensions. *Pertanika Journal of Social Sciences & Humanities*, 29(1).
- Tolentino, J. A. B. (2013). *Ang Pulitika ng Jaywalking Kapag ang lansangan ay naging eksklusibo sa sasakyan* (Doctoral dissertation).
- World Health Organization (2020). WHO Director-General's opening remarks at the media



briefing on COVID-19 - 11 March 2020. <https://www.who.int/director-general/speeches/detail/who-director-general-s-opening-remarks-at-the-media-briefing-on-covid-19---11-march-2020>

